Volume 15 September 2019
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.144

# Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo

**ETCHEL E. VALLECERA**
etchelv@gmail.com
https://orcid.org/0000-0001-8710-1004

## ABSTRAK

Ang pag-aaral ay pinamagatang Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo. Nilalayong masuri ang elementong nangingibabaw; temang napapaloob, at makabuluhang tampok sa mga piling maikling kuwento. Ginamit sa pag-aaral ang desinyong palarawan sa paraang pagsusuring pangnilalaman sapagkat nilalayong matuklasan, mailarawan, masuri at mabigyang pagpapakahulugan ang taglay na mga elemento ng piling maikling kuwento. Ang pag-aaral ay nakaangkla sa mga teoryang mimetiko ni Plato, teoryang kognitib ni Piaget, teoryang constructivism ni Bruner, at Social Learning Theory ni Bandura.

Natuklasan sa pag-aaral na nangingibabaw ang mga elementong pampanitikan sa piling maikling kuwento. Pumapaksa sa iba't ibang sitwasyon at realidad na nagaganap sa buhay. Namayani ang babae bilang pangunahing tauhan. Kalimitang nasa loob at labas ng tahanan ang tagpuan ng mga kuwento. Sa tunggalian, namayani ang tao laban sa tao. Nanguna ang himig na kalungkutan at lihim na hinanakit upang mas maipahayag ang damdamin. Sa simbolismo, mayroong iba't ibang ginamit na bagay na nag-iiwan ng mas malalim na pagpapakahulugan. Unang at ikatlong panauhang pananaw ang ginamit sa kuwento. Ang estilo ng paglalahad ng kuwento ay pagsasalaysay, paglalarawan at pagdadiyalogo.

Sa pagbuo ng isang maikling kuwento, kailangan ang mga elementong pampanitikan upang maisakatuparan ang paglalarawan ng mga katangiang nais iparating sa mga mambabasa, Taglay din ng isang

maikling kuwento ang mga nasabing elementong pampanitikan sapagkat ang mga ito ang nagpapalitaw ng kagandanhan sa isang likhang sining katulad na lamang ng maikling kuwento.

Iminungkahi na ipaalam at magsagawa ng paglalahad ng papel sa kinauukulan ng paaralan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito na higit na kilalanin ng mga guro ang may-akda ng maikling kuwentong; gawing hamon ang pagtuturo ng maikling kuwento; at ilakip ang mga natipong maikling kuwentong sinuri sa mga aralin sa pagtuturo ng Junior High School.

**KEYWORDS**: Elemento, Estilo, Makabuluhan, Nangingibabaw, Pagsusuri, Simbolismo, Tampok

## PANIMULA

Ang panitikan ay isang payak na salitang nahihiyasan ng iba-iba at malalim na kahulugan. Para sa mga manunulat, ang panitikan ay isang malinaw na salamin, larawan, repleksyon o representasyon ng buhay, karanasan, lipunan at kasaysayan (Reyes, 1997). Sinasalamin ng panitikan ang impit na hinaing ng buhay, ang mga panaghoy ng mga dalita, ang adhikain ng mga maralitang may layuning makawala sa kahirapang kinasasadlakan, ang mga di matakasang problemang kinakaharap ng nakararami, ang inasam-asam na pag-asa sa kabila ng kahirapan, at ang tamis na pagkamit ng isang minimithi.

Ang panitikan ay talaan ng buhay kung saan nagsisiwalat ang isang tao ng mga bagay na kaugnay ng napupuna niyang kulay ng buhay at buhay sa kanyang daigdig na kinabibilangan (Arrogante, 1991). Dito nailalahad ng tao ang kanyang kaisipan at damdamin; nailalarawan ng tao ang kanyang mga kaugalian, saloobin at paniniwala; sapagkat dito niya naisasalaysay ang bawat takbo ng mga pangyayari na nagaganap sa kanyang panahon ng pag-unlad, mula nang siya'y isilang, nagkamulat, nagkaisip at natuto at sapagkat dito niya nabibigyan ng kahulugan ang kanyang sariling kahalagahan ayon na rin sa sarili niyang prinsipyo at ayon sa simulain at tradisyon ng kanyang lipunang ginagalawan. Ang panitikan ang nagsisilbing pamamaraan upang maipahayag ng tao anuman ang karanasan at pangyayaring nagaganap sa kanyang buhay.

Ang pag-aaral ng panitikan ay may layuning makagising ng diwa ng mga mambabasa batay sa kanilang paniniwala at pananaw sa buhay

at pati na rin pagpapalawak ng kanilang kaalaman tungkol sa ibang tao at upang madagdagan ang pagka-unawa at kawilihan sa pagbasa at pagsuri ng akda. Mapasisimulan ng isang mambabasa ang pagkilala o pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan. Mahalagang alam at randam natin ang ating sariling panitikan dahil makatutulong ito nang malaki upang makilala ang mga manunulat at ang kanilang sinusulat at mapalalim ang pagpapahalaga at pagtangkilik sa mga akda. Kaya, sinasabi na ang tunay na panitikan ay yaong nagpapahayag ng damdamin, panaginip, at karanasan ng sangkatauhang nasusulat sa maganda, makahulugan at masining na pahayag (Baello, Cantilang, De Leon, at Ilas, 2012).

Ang pagsusuri ay hindi madali ngunit mahalaga. Madalas na ang manunuri ay nagtiimbang-timbang muna ng kanyang sasabihin o isusulat tungkol sa anumang teksto na nais bigyang-pansin (San Juan, 2005). Ang bunga ng pagsusuri ay pantay na paghuhusga sa kalakasan at kahinaan ng isang akda na kung saan ang mambabasa ay nakalilikom ng higit na kaalaman tungkol sa likhang sining. Sa panunuring panitikan, naipaliliwanag ang mga mensahe at layuning napaloob sa akda gayundin magiging sandigan ng higit pang pagpapalawak at pagsulong ng manunulat at ng panitikan maging ang istilo ng manunulat ay natutuklasan sa pamamagitan ng pagsusuri.

Batay sa ginawang sarbey ni Lone (2011) na pinamagatang ""Impact of internet on reading habits of the net generation college students", lumabas sa sarbey na maraming mag-aaral ang walang interes at marami ang nababagot sa pagbabasa ng panitikan lalo na kung ito'y mahaba at nakalimbag. Mayroong 70% ang lubusang sumang-ayon na unti-unting bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nagbabasa ng mga limbag na sulatin dahil sa internet at 30% naman ang hindi sang-ayon. Buhat sa sarbey na ito, isang hamon sa isang guro kung paano makukuha ang atensiyon ng kanyang mag-aaral, kung paano magagawang interesante ang panitikan sa pagtuturo, kung paano gawing kawili-wili ang talakayan sa loob ng klase, kung paano maililipat sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng panitikan, at kung paano ito maisasalin hanggang sa susunod na henerasyon. Mahalaga sa pagtuturo ng panitikan ang pagsusuri nito upang mailahad ng isang guro ang tunay na layunin ng isang akda.

Batay sa obserbasyong ito ang mananaliksik ay nagkainteres sa pagsusuri ng maikling kuwentong Pilipino na nagtataglay ng mga sangkap at kaisipang mahalagang matutunan ng mga mag-aaral at sa lubusang pagkaunawa sa mga akdang napili. Masasalamin ang mga elemento at

kaisipang ito sa mga maikling kuwento ni Liwayway Arceo. Ang kakintalang dulot ng paksa ay magsisilbing isang paraan upang magkaroon ng kawilihan ang damdamin at kaisipan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang Pilipino.

Naniniwala ang mananaliksik na kung matitipon ang mga natatanging maikling kuwento sa Pilipinas tulad ng mga maikling kuwento ni Liwayway Arceo ay natitiyak na mauunawaan nang lubos ang tunay na kahulugan at kahalagahan ng maikling kuwento sa buhay ng isang tao. Matitiyak na mas magiging magantimpala at maluwalhati ang tagumpay na makakamit ng bawat isa dahil bawat kuwento ay nag-iiwan ng isang kakintalan o impresyon sa isip ng mga mambabasa. Ang kakintalang ito na hango sa tunay na buhay at higit sa lahat kinakikitaan ng katangi-tanging aral ay magiging kapaki-pakinabang sa isang indibidwal lalo na sa kanyang pang-araw-raw na pamumuhay.

Dagdag pa rito, ito rin ay magiging saligan sa pagmumungkahi ng gabay ng pagtuturo na gumagamit ng isang mapanuring pag-iisip upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Hangarin ng mananaliksik na suriin ang mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo nang sa gayon ay malaman ang mga elementong napapaloob sa mga akda na magsisilbing pantulong sa pag-udyok ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga maikling kuwento.

Alinsunod sa winika ni Reyes sa aklat na Pluma (Baisa, Lontoc at Del Rosario, 2006), layunin ng pormalistikong pananaw ang pagbibigay pansin sa anyo ng panitikan. Tunguhin ng teoryang ito na matukoy ang nilalaman, kaanyuan at paraan ng pagkakasulat ng akda kaya hindi lamang ito nakapokus sa balangkas kundi pinagtutuunan din ng pansin ang mga detalye at bahagi ng teksto upang ipakita ang kabuuang diwa nito. Dapat mailantad ang lahat ng mahahalagang bagay mula sa simula patungo sa iba't ibang elementong magkakaugnay hanggang sa katapusan.

Ayon sa artikulong sinulat ni Mambrol (2017) na pinamagatang Literary Criticism of Horace ang teoryang moralistiko ni Horace ay may dalawang bagay na naibibigay ang akdang pampanitikan- ang *dulce* o ang aliw at kaligayahang naipadarama ng akda, at *utile* o ang aral at kaalamang naibibigay ng akda. Nangangahulugan lamang ito na ang pangunahing layunin ng panitikan ay hindi lamang magbigay saya sa mga mambabasa kundi ilahad ang iba't ibang pamantayang sumusukat sa moralidad ng tao – ang pamantayan ng tama at mali.

Ayon sa artikulo ni Golden (1975) na pinamagatang Plato's Concept of Mimesis ang teoryang mimetiko ni Plato ay hango sa salitang Griyego na "mimesis" na nangangahulugang imitasyon at representasyon sa buhay. Ginagamit ito ng mga manunulat sa kanilang obra maestra upang makabuo ng bago at pangalawang kahulugan na nakukuha sa imitasyon ng buhay.

Ayon sa teoryang kognitib ni Piaget (1976), pinaniniwalaan ng teoryang ito na kung ang bata ay may pag-unawa sa konseptong nakalantad sa kanyang kapaligiran, mas madali niya itong magagamit sa pakikipag-ugnayan. Nakararanas ng pagbabago ang tao bunga na rin sa mga kamaliang kanyang naranasan. Inilalahad ng pananaw na ito na ang pagkakamali ng isang tao ay palatandaan ng pagkatuto. Ang pagkakatutong ito ay isang prosesong dinamiko na kung saan ang taong nag-aaral ay palaging nangangailangang mag-isip at gawing may saysay ang mga bagong tanggap na impormasyon, alamin ang pumapailalim na tuntunin at mailapat ang mga ito. Pinaniniwalaan din ng teoryang ito na upang mas mabilis matuto ang isang bata, kailangan ang pakikipag-ugnayan sa kapaligiran.

Ang teoryang constructivism naman ni Bruner (1966) ay sumasaklaw sa ideya ng pag-aaral bilang isang aktibong proseso kung saan ang mga bagong ideya batay sa kaalaman ay nabuo. Ang isang tao ay may kakayahang mag-organisa ng mga karanasan at bumubuo ng kahulugan ukol dito. Hinahayaan din ang isang tao na bumuo ng mga bagong konsepto mula sa kanyang mga karanasan at tumuklas ng mga bagay at konsepto para sa ikalilinang ng kanyang sarili. Sinusuri din ng tao ang papel na ginagampanan ng mga estratehiya sa proseso na ginagamit upang bumuo ng mga kategorya, pati na rin ang pag-unlad ng katalinuhan ng tao. Inilahad ng teoryang ito sa unang pagkakataon ang ideya na ang tao ay may kakayahang malutas ang mga problema sa pamamagitan ng pagtuklas ng mga paraan upang masolusyunan ito.

Ang isa pang teoryang makatutulong sa pag-aanalisa ng pag-aaral na ito ay ang Social Learning Theory ni Bandura (1977). Binibigyang-diin ng Interaktibong Teorya ng Pagkatuto ang pagkakatuto tulad ng pagkakaroon ng mabuting ugali at bagong impormasyon ay maaaring makuha sa pagmamasid sa ibang tao. Ayon sa teoryang ito, mahalaga ang mga iniisip ng tao sa kanyang mga pagkatuto at ang mga pagkatuto ay hindi lamang nangangahulugang magbubunga ang pagbabago sa kilos. Ipinaliliwanag ng teoryang ito na maaaring maapektuhan ang ugali ng isang tao sa

pamamagitan ng pakikisalamuha sa iba at impluwensiya ng kapaligiran, buhat sa kanyang pagmamasid sa pag-uugali at emosyong ipinapakita ng iba sa lipunang kinabibilangan.

Ayon sa teoryang innatib ni Chomsky (1965), lahat ng tao ay may "likas" na kakayahang matuto dahil pinaniniwalaang lahat ay ipinanganak na taglay ang isang "built-in device" o isang likhang-isip na aparato na kung tawagin ay "*black box"* na matatagpuan sa isang sulok ng ating utak at siyang responsable kung bakit natututo ang isang tao. Ang aparatong ito ang siyang tumatanggap ng mga impormasyon mula sa kapaligiran sa anyong wika kung kaya likas ding natutunan ng tao ang ang linggwistikong katangian nito at habang patuloy na ginagamit ng tao ang mga impormasyong kanyang natutunan mula sa kapaligiran ay patuloy din itong umuunlad.

Natuklasan sa pag-aaral nina Dhillon at Mogan, (2017) na pinamagatang "Language-Based Approaches to Understanding Literature: A Creative Activity Module" na kapag nagtuturo ng panitikan, mahalagang bumuo ng makabuluhang mga aktibidad para sa mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay dapat pinahintulutang makilahok sa teksto sa malikhaing paraan upang mapalakas ang interes. Buhat sa pag-aaral, napag-alaman na ang guro ay isang malaking factor sa pagtuturo at pagkakatuto ng mag-aaral dahil bunga na rin ng kanyang kaparaanan ay mas nailalahad niya ng mabisa ang kanyang aralin. Napag-alaman din na ang mga paraang batay sa wika ay magiging angkop na opsiyon sa mga pagtuturo ng panitikan. Mahalaga na pagsamahin ng guro ang wika at panitikan sa kanyang pagtuturo dahil nga hindi maaaring magkahiwalay ang wika at panitikan. Sa panitikan masasalamin ang wika kaya isang opsiyon sa pagtuturo nito ay ang paglalakip nito sa bawat isa. Mahalaga rin ang estratehiya na gagamitin ng guro upang mas lalong makuha ang pokus at atensiyon ng mga mag-aaral lalo na kung panitikan ang siyang aralin na kadalasan nawawalan ng interes ang mga mag-aaral.

Natuklasan naman sa pag-aaral ni Thiyagarajan (2014) na pinamagatang "Integrating Short Stories in the ESL Classroom for Developing Learners' Communicative Competence", mahalaga ang papel na ginagampanan ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Naituturo nang mabisa ng mga guro ang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng pag-aangkla nito sa panitikan. Napag-alaman din na may maraming dahilan kung bakit bumababa ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral tulad na lang ng kakulangan sa kagamitang panturo, kakulangan

ng paghahanda, kakulangan sa estratehiya ng pagtuturo at kakulangan sa pagsasanay at layunin ng pagkakatuto. Sa ganitong sitwasyon, ang mga mag-aaral ay mas natututo at nasisiyahan sa pagbasa ng panitikan kung ang paksa ng kanilang binabasa ay batay sa kanilang interes at karanasan. Kaya sa huli napagtanto na mahalagang mapili nang mabuti ang mga maikling kuwentong dapat ituro sa mga mag-aaral.

Sa pag-aaral Cuizon (2014) na pinamagatang "Mga Pag-aaral ng Maiikling Kuwento: Isang Meta-Analisis", napag-alaman na ang mga katangian o elementong nangingibabaw sa maikling kuwento ay tono, matalinghagang paglalarawan, simbolo, tauhan, tagpuan, banghay o aksyon, tema, ang katangian ayon sa punto de vista, bisang-emosyunal, istilo ng pagsasalaysay at paningin. Natuklasan din na kadalasang layunin ng maikling kuwento ay maipakita ang pagkamakabayan, maipadama ang pagmamahal sa pamilya at maipakita ang respeto at pagmamahal sa kapwa, matauhan, magkamalay, mahawaan at maging huwaran sa mga kabataan at mambabasa. Naglalayong magamit at maiaplay ang mga pagpapahalaga sa araw-araw na pagtahak, pagtanggap ng hamon sa paglinang ng mga kakayahan at indibidwal na interes. Natuklasan din na nangingibabaw sa mga kuwentong Pilipino ang mga kahalagahang pangkatauhang batay sa sosyal, moral, ispiritwal, kultural, politikal, katotohanan, pag-ibig, pananagutang sosyal, karapatang pang-ekonomiya, nasyonalismo at pagkakaisang global.

Sa pag-aaral na ginawa ni Sarkar (2018) na may pamagat "Impact of the Short Stories of R. N. Tagore", natuklasan na may malaking impluwensya sa larangan ng pag-aaral ng kabataan ang mga alituntunin at ideyang moral ng mga maikling kuwento. Mahalaga na iugnay ang mga pagpapahalaga at realidad sa buhay sa mga paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga balyung matutunan ng isang bata mula sa mga kuwento ay kanyang magagamit sa pang-araw-araw na pagharap sa realidad ng buhay. Natuklasan din na ang mga maikling kuwento ay may malaking kabuluhan sa epektibong pagkikintal ng mga pagpapahalaga sa mga kabataan.

Sa ginawang pag-aaral naman ni Stevenson (2019) na pinamagatang "Developing Cultural Understanding Through Story Telling: Journal of Teaching in Travel & Tourism", napag-alaman na ang mga kuwento ay isa sa kaparaanan na maaring gamitin para sa pagbabahagi ng mga karanasan at pagkakaroon ng pag-unawa sa kultura. Sa pagbuo at pagsulat ng kuwento ay nagkaroon ng isang kultural na komunikasyon

at pag-unawa. Isa sa pangunahing hanguan ng mga impormasyon sa pagsusulat ng kuwento ay ang mga karanasang pinagdaanan o kaya'y mga pangyayaring nasaksihan ng manunulat kaya kalakip nito ang kultura, paniniwala at gawi ng mga tao sa isang lipunan o komunidad. Habang binabasa natin ang isang kuwento ng isang partikular na lugar ay nabubuksan din ang ating kamalayan tungkol sa iba't ibang kulturang mayroon ang isang lugar.

Ayon naman sa pag-aaral ni Alavi, Ghiasianm, Poor-Ebrahim at Gilani (2016) na pinamagatang "A Linguistic Study of Point of View in the Short Story "Frankness and Decisiveness" Based on Simpson's Model na gumamit ng instrumentong analitikal sa pagsusuri ng punto de vista ng isang maikling kuwento. Natuklasan na ang tagapagsalaysay ay nagpapakita ng ikatlong panauhang pananaw na handang pumasok sa isipan at damdamin ng mga tauhan upang maipahayag ang mga intensiyon at saloobin ng mga tauhahan sa mga mambabasa. Sa pagsusuri sa modal na ginamit ng kuwento, natuklasan na ang bawat pangungusap ay nagpapakita na ang tagapagsalaysay ay gumamit ng pandiwa at pang-abay upang ipakita ang mga opinyon, positibong modal, pamamaraan ng maling pagkaunawa at sa pagsusuri sa mga sitwasyon.

Pangunahing layunin ng pag-aaral ni Rodriguez (2017) na pinamagatang "Students' Language Skills Development through Short Stories" ang ilarawan ang epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kakayahang linggwistika sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa ng maikling kuwento. Natuklasan na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malaking pakinabang sa bokabularyo at mga pagpapahayag sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig. Natuklasan rin na ang pagbabasa ng maikling kuwento ay mahalaga sa pagpapahusay ng oral na kakayahan ng mga mag-aaral at sa pagpapabuti ng pagkatuto nila ng wika at pagsasanay. Itinaguyod din ng pag-aaral ang kamalayan ng mga mag-aaral sa panitikan.

Ayon naman sa pag-aaral nina Bañez, Sarmiento, at Bañez (2019) na pinamagatang "Cognitive Models and Literary Competence of Junior High School Students", natuklasan na ang mga karanasang nagmula sa pag-aaral ng panitikan ay nagbigay sa mga mag-aaral ng personal na kaugnayan sa mga teskto ng panitikan lalo na unibersal na pag-iral ng tao at sa paglinang ng pansariling pag-unlad. Natuklasan din na sa pamamagitan ng panitikan nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na ihasa ang kanilang kasanayan sa komunikasyon. Sa kabila ng positibong pananw ng

mga respondente sa kabuluhang ng pag-aaral ng panitikan ay inihayag na mababa ang resulta sa kakayahan ng mag-aaral sa paggawa at pagsulat ng panitikan. Natuklasan din na mahalagang bumuo ng isang programang interbensyon upang ihasa ang mga kakayahan ng Junior High School sa pagsulat at pagbuo ng akda.

Ayon naman kay Maiwald (2011) sa kanyang artikulong pinamagatang *Exploring a Corpus of George MacDonald's Fiction,* mas maunawaan ang mga pahayag na mula sa mga digital na kagamitan sa pag-aanalisa sa mga teksto, kailangan muna nating siyasatin nang maigi ang teksto. Ang pagsusuri sa nilalaman ay siyang magiging gabay tungo sa pagbuo ng pagsusuri, at maaari ring maging gabay upang mas mapalalim pa ang pag-unawa sa mismong nilalaman nito.

Ang pag-aaral ay naglalayong masagot ang sumusunod na mga tanong: Una, anong elemento ang nangingibabaw sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo? Pangalawa, ano ang temang napapaloob sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo? Pangatlo, ano ang makabuluhang tampok sa limang piling maikling kuwento Liwayway Arceo sa sangkap na tauhan, tagpuan, tunggalian, himig, simbolismo, punto de vista at himig? Pang-apat, ano-ano ang mga implikasyong nangingibabaw sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo sa pagtuturo ng panitikan? Panglima, anong gabay ng pagtuturo ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay ginagamitan ng desinyong kwalitatibo pamamaraan ng pagsusuring pangnilalaman na naglalayong masuri ang mga akda ni Liwayway Arceo. Sa pangangalap ng datos, nagsagawa ng pagsasaliksik sa enternet at silid-aklatan ng Pamantasan ng Bohol ng mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo na nailathala sa iba't ibang magasing Tagalog. Pinili ang mga akdang ito dahil punong-puno ito ng mga elemento at sangkap na siyang pukos sa pag-aaral na ito.  Ang mga maikling kuwentong napili ni Liwayway Arceo ay unang nalathala sa iba't ibang magasing Tagalog. Masasalamin din sa mga kuwentong ito ang kanyang wika- na siyang kasangkapan ng manunulat na makabuluhan.

Makabuluhang banggitin na ang kathang nalathala na "Uhaw ang Tigang na Lupa", ang nagpasimula sa maningning na karera sa Panulatan ni Liwayway Arceo nang kilalanin iyon na Pangalawang Pinakamahusay

na maikling katha ng 1943. Itinuturing ito ng mga kritiko bilang panulukang-bato ng makabagong maikling kathang Tagalog, at isinalin sa Inggles at Niponggo at nalathala sa New York City, U.S.A. at Tokyo, Japan. Nakilala rin ang kanyang maikling kuwentong "Banyaga" na nagkamit ng Unang Gantimpalang Palanca noong 1962 at isinalin sa Inggles, Ruso at Bulgaro. Tulad ng Uhaw ang Tigang na Lupa at Banyaga ang ibang maikling kuwentong napili ay kabilang sa antolohiya at kasama sa Canon ng Panitikang Pilipino.

Ang mga maikling kuwentong saklaw ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

| PAMAGAT NG MAIKLING KUWENTO | PETSA NG PAGLATHALA | MAGASING TAGALOG NA PINAGLATHALAAN |
|---|---|---|
| Uhaw ang Tigang na Lupa | Mayo 8, 1943 | Liwayway |
| At Patuloy ang Buhay | Setyembre 15, 1946 | Bagong Buhay |
| Ang Sukatan ng Ligaya | Nobyembe 23, 1947 | Ilang-Ilang |
| Babae | Oktubre 4, 1948 | Aliwan |
| Banyaga | Mayo 12, 1962 | Evening News |

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

**Pagsusuri sa mga Elementong Nangingibabaw sa Maikling Kuwentong "Uhaw ang Tigang na Lupa" batay sa sumusunod na mga Elementong Pampanitikan.** Panimula. Inilahad sa bahaging ito ang pagtataka at pagkahabag ng anak sa mga ikinikilos ng kanyang ina tulad ng malalim na paghinga, malungkot na pagtitig sa lahat ng bagay. Saglit na kasiglahan. Inilalarawan ang pangungulila ng anak sa pagmamahal ng kanyang mga magulang. Ipinakikita ang paglalarawan ng anak sa pananabik niya na magkaroon ng masaya at magandang pamilya. Tunggalian. Inilahad ang suliranin kung paano mapapanumbalik ang kasiyahan sa kanilang pamilya at kung paano mawawala ang kalungkutan ng kanyang ina. Kasukdulan. Inilahad sa bahaging ito ng kuwento ang pagkakatuklas ng anak sa kahon na may isang kahitang pelus na rosas at isang salansan ng mga liham na naging dahilan ng kalungkutan ng ina at pangungulila sa pagmamahal ng anak. Kakalasan. Inilahad sa bahaging ito ang pagkakasakit nang malubha ng ama. Kinausap ng ama ang kanyang anak at muling nagkaayos ang kanilang relasyon. Ipinakita

rin ng ina ang kanyang pagmamahal sa kanyang maysakit na asawa sa pamamagitan ng pagsisilbi at pag-aalaga rito. Resolusyon. Nailahad ang resolusyon ng kuwento nang hinagkan ng ina ang asawa at kasabay noon ay lumisan ang kaniyang kaluluwa. Wala nang mga luhang dumaloy sa mga mata ng ina. Tiyak na liligaya ang kaluluwa ng lumisan.

**Pagsusuri sa mga Elementong Nangingibabaw sa Maikling Kuwentong "At Patuloy ang Buhay" batay sa sumusunod na mga Elementong Pampanitikan.** Panimula. Nailarawan na tahimik na tahimik ang silid at nadidinig ni Pacing ang tik-tak ng malaking orasan. Inilarawan din ang hindi pagkatulog ni Pacing dahil kay Cita. Saglit na Kasiglahan. Inilahad ang pag-alala ni Pacing sa kanilang buhay kabataan ni Piding. Sinariwa niya ang mga panahon ng pagbabawal ng kanyang ina na makipaglaro at makipaglapit kay Piding. Tunggalian. Nagsimula ang suliranin ng kuwento sa pagkadisgusto ng ina ni Pacing kay Piding. Malimit na sinisiraan ng kanyang ina si Piding at para sa kanya hindi ito karapat-dapat sa kanyang anak. Kasukdulan. Nailahad ito sa panahong naging ganap na dalaga at binata na si Pacing at kasabay nito ang lalong pagsidhi ng kanilang damdamin para sa isa't isa. Sa kabila ng pagbabago ng panahon at pag-usbong ng kanilang nararamdaman ay nananatili pa rin ang pagtutol at pagkadisguto ng ina ni Pacing kay Piding. Kakalasan. Ang pag-alok ni Piding kay Pacing ng kasal sa kabila ng pagtutol ng ina nito at dahil sa bugso ng kanilang masidhing damdamin at kapusukan, nalimot nila ang lahat. Resolusyon. Pinaalala ni Piding sa kanyang asawa na huwag ibubuhos lahat dahil nariyan pa ang kanilang ibang mga anak. Lalong napahikbi si Pacing.

**Pagsusuri sa mga Elementong Nangingibabaw sa Maikling Kuwentong "Ang Sukatan ng Ligaya" batay sa sumusunod na mga Elementong Pampanitikan.** Panimula. Nagmadali si Aling Isyang sa pagbibihis dahil sa pagtatangkang makauwi sa nayon. Sinunok na niya ng tatlong beses na umuwi ngunit pinigilan siya ng kanyang anak na si Fely na nagnanais na mamalagi ito sa kanyang tahanan. Saglit na kasiglahan. Naipakita ang paglabas ni Medy mula sa kwarto na may bitbit na sapatilyang puno ng palamuti. Ipinasuot niya ito kay Aling Isyang dahil sila'y mamamasyal. Tunggalian. Nailahad naman sa kuwento ang pagkaramdam ni Aling Isyang na siya'y hindi masaya at malaya sa tahanan ng kanyang anak na si Medy. Kasukdulan. Inilahad ang elementong ito nang pumasok sila sa isang restawran upang kumain. Dito mas lalong sumidhi ang suliraning lihim na dinadamdam ni Aling Isyang. Kakalasan.

Nailahad naman ang paggunita ni Aling Isyang sa kanyang buhay sa nayon. Bumalik sa kanyang gunita ang mga oras na sila'y kumakain doon sa nayon. Resolusyon. Inilahad naman ang pagpayag ni Medy na umuwi si Aling Isyang sa kanilang nayon kaya pinahatid niya ito. Napuno ang kanyang puso ng kaligayahan nang matanaw ang makipot at maalikabok na landas na bumungad sa kanilang nayon.

**Pagsusuri sa mga Elementong Nangingibabaw sa Maikling Kuwentong "Babae" batay sa sumusunod na mga Elementong Pampanitikan.** Panimula. Nagsimula ang kuwento nang dumating ang isang babae sa bahay ng kanyang kumare dahil sila ay may usapan. Saglit na kasiglahan. Dumako ang usapan ng magkumare sa pabinyag ng anak ni Cely gayundin sa buhay may asawa nito. Tunggalian. Ipinakita naman ang tunggalian sa kuwento nang dumako ang usapan sa pribadong buhay ng kanyang kumare na si Cion na may panlilibak at panunuya rito. Kasukdulan. Nailahad sa kuwento ang pagdako ng usapan ng magkumare sa pakay ng babae sa kanyang pagpunta ay dahil sa may iniaalok at ibinibentang bahay ang kanyang kumare at siya'y interesado rito. Kakalasan. Lumitaw naman na lumihis ang usapan ng dalawa sa yamang taglay at buhay pag-ibig ni Maria Teresa kung gaano ito kagulo at kakumplikado gayundin ang bago nitong lalaki na kanilang kilala. Resolusyon. Naging wakas naman ng kuwento ang pagkaputol ng kanilang usapan dahil nagdesisyon ng umuwi ang pangunahing tauhan dahil may lalakarin at dadaanan pa ito.

**Pagsusuri sa mga Elementong Nangingibabaw sa Maikling Kuwentong "Banyaga" batay sa sumusunod na mga Elementong Pampanitikan.** Panimula. Nagsimula ang kuwento sa pag-aayos ni Fely sa sarili upang dumalo sa isang parangal ng kanyang dating paaralan habang ang kanyang Nana Ibang ay bakas ang pagtataka at kalungkutan sa pagbabagong nangyari sa kanya lalo na sa kanyang pananamit. Saglit na kasiglahan. Inilahad ang pag-alala ni Fely sa kanyang pagpupumiglas na pumunta ng Maynila upang makipagsapalaran. Tunggalian. Naging suliranin ng kuwento ang pagbabagong nangyari kay Fely sa kanyang pamamaraan ng pananamit, pagsasalita at pagkilos na ikinalungkot ni Nana Ibang. Kasukdulan. Inilahad ang pagkislot ni Fely nang marinig ang busina ng tumigil na sasakyan sa harapan ng bahay. Napatigil si Fely nang makita ang lalaking sumundo at nagbukas ng pinto ng kotse. Kakalasan. Nailahad naman sa bahaging ito ang pag-iba ng pakiramdam ni Fely nang malaman niyang may asawa't mga anak na si Duardo. Resolusyon. Naipakita ang pagkaramdam ni Fely na parang hindi na niya makikilala

ang sarili at hindi na siya makikilala ng lupang kanyang pinagmulan. Ipinakita ang pagsungaw ng kanyang mga luha.

**Pagsusuri sa mga Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo batay sa Tema** Sa kuwentong **Uhaw ang Tigang na Lupa**, napapaloob ang tema ng pagkauhaw sa pagmamahal sa pamilya. Makikita sa mga bahagi ng kuwento ang pagkauhaw ng anak sa pagmamahal at atensiyon ng kanyang mga magulang gayundin pagkauwaw ng ina sa pagmamahal ng kanyang asawa. Umikot din ang kuwento sa isang suliraning pampamilya nang magkaroon ang kanyang ama ng ibang babae. Sa kuwento naman na **At Patuloy ang Buhay**, inilahad ang tema ng pagmamahalan ng pamilya. Makikita rito ang pagmamahal ng isang ina sa kanyang anak gayundin ang pagmamahalan ng mag-asawa. Ang kuwentong **Ang Sukatan ng Ligaya** ay pumapaksa naman na ang tunay na sukatan ng kasiyahan ng tao ay hindi nasusukat sa dami ng kanyang kayamanan. Ang kuwentong **Babae** ay sumesentro sa negatibong katangian ng isang babae. Ang katangiang ito ay madalas na tinataglay lamang ng kababaihan na kapag sila'y nagkukuwentuhan ay umaabot pa ang usapan sa pangingialam sa personal na buhay ng may buhay. Ang tema naman sa kuwentong **Banyaga** ay pagbabago. Inilahad sa simula pa lang ng kuwento ang pagbabagong naganap sa pangunahing tauhan – sa pisikal na kaayuan, sa mga kilos at maging pananalita.

**Pagsusuri sa Makabuluhang Tampok sa Maikling Kuwentong "Uhaw ang Tigang na Lupa."** *Tauhan.* Ang anak sa kuwento ay isang babae na siyang nagbukas sa mga papaksain ng iba pang tauhan. Mahihinuha na ang anak sa kuwento ay hindi nakararanas ng saya ng isang tunay na pamilya. Ang ina ay siyang naging pantulong na tauhan sa kuwento kung saan inilarawan sa kuwento na siya ay matahimik na tao at minsan lang kung magsalita. Ang ina rin ang nagbigay ng emosyon sa kwento sa una pa lamang na bahagi ng kwento ay ipinakita na ang emosyong kalungkutang namamayani sa kanya. Ang ama ay isa pang pantulong na tauhan na kung saan inilarawan ang kanyang pisikal na kaanyuan na may bilugang mukha, malapad na noo, singkit ang mata at hindi gaanong katangusan ang ilong. Inilahad din na ang ama sa kuwento ay mahilig magsulat. Siya rin ang dahilan kung bakit kalungkutan ang nadarama ng ina sa kuwento.

*Tagpuan.* Aklatan ang maaring tagpuan ng kwento dahil dito mapupuna ang mga bagay na maaaring pinagmulan o mga bagay na nakapaglilinaw ng suliranin sa kuwento tulad ng talaarawan at liham ng

ama na di inaasahang makita ng anak.

*Tunggalian.* Ang tunggalian sa kuwento ay tao laban sa tao. Isang hinanakit ang naramdaman ng anak sa kanyang ama at sa babae nito nang matuklasan nitong may ibang babae ang kanyang ama. *Himig.* Ipinapahayag ng may-akda ang himig ng kalungkutan ng anak at ina gayundin ang lihim na paghihinakit ng anak sa kanyang ama.

*Simbolismo.* Ang talaarawan ay sumisimbolo sa katotohanan sapagkat ito ang natatanging gamit na siyang naglalahad ng totoong nararamdaman ng ama sa kuwento. Gumamit naman ang may-akda ng isang kahitang pelus na rosas at isang salansan ng mga liham upang di lantarang ipakita o sabihin ang nakaraan at malaking kasalanan ng ama sa kuwento. Larawan ang sumisimbolo naman sa isang pag-ibig na ipinagbabawal. Ang ama, ina at anak naman ang siyang sumisimbolo sa isang pamilya. Ang kuwento na Uhaw ang Tigang ay masasalamin ang pangungulila sa isang minamahal o pagmamahal gayundin kawalan ng atensiyon at komunikasyon bilang mag-anak.

*Punto de Vista.* Ang punto de vista na ginamit sa kuwento ay unang panauhan. Malinaw na sa simula pa lang ng kuwento ang anak ang siyang naglalahad nito. Malinaw na inilahad ng anak ang kanyang sariling karanasan at sariling obserbasyon sa mga nangyayari sa kanyang pamilya.

*Estilo.* Ang estilong ginamit ng may-akda sa paglalahad ng kuwento ay pagsasalaysay at paglalarawan.

**Pagsusuri sa Makabuluhang Tampok sa Maikling Kuwentong "At Patuloy ang Buhay."** *Tauhan.* Inilalahad na si Pacing ang pangunahing tauhan sa kuwento ay hindi makatulog at tila ba may suliraning bumabagabag sa kanyang isipan. Inilarawan na palagi siya'y nagbubuntung-hininga at kalauna'y tuluyan ng humikbi. Inilahad din ng may-akda na si Piding, asawa ni Pacing ay pantulong tauhan. Si Cita ang siyang bumabagabag at dahilan ng hindi pagkatulog ni Pacing. Inilahad sa pahayag na si Cita ay lumisan na sa poder na kanyang magulang upang sumama sa asawa nito na kung saan ang paglisang ito ay nakapagdulot ng kalungkutan kay Pacing at tila ba ginaya nito ang kanyang landas.

*Tagpuan.* Sa unang bahagi ng kuwento inilahad na ang tagpuan sa kuwento ay ang silid ng mag-asawang Pacing at Piding. Isa rin sa tagpuan ng kuwento, ang tabing-dagat. Ang lugar na ito ang paboritong puntahan nina Pacing at Piding upang maglaro ang dalawa ng paggawa ng kastilyo at pamumulot ng suso.

*Tunggalian.* Ang tunggalian sa kuwento ay tao laban sa tao. Inilarawan ng may-akda ang tunggalian sa pagitan ni Pacing at ng kanyang ina. Natutuhan niyang suwayin ang lahat ng ipinagbabawal ng kanyang ina. Hanggang sa napalo na siya at lalo pang sumidhi ang tunggalian sa pagitan ng mag-ina nang agarang magdesisyong magpakasal sina Pacing at Piding.

*Himig.* Inilalarawan ng may-akda ang himig na may hinanakit at kalungkutan. Sa kabila ng hinanakit na naramdaman ni Pacing, matinding kalungkutan din ang idinulot ng pagpisan ni Cita sa kanya.

*Simbolismo.* Ang salitang orasan ay sumisimbolo ng buhay. Kahawig nito ang lakad ng buhay ba pabalik-balik din ang pinaglalakbayan sa pabilog na landas ng mundo. Tulad ng isang orasan, ang buhay ay paikot-ikot lang.

*Punto de Vista.* Sa kuwentong ito ginamit ng may-akda ang ikatlo at unang panauhan bilang punto de vista.

*Estilo.* Ang estilong ginamit sa kuwento ay paglalarawan, pagdadiyalogo at pagsasalaysay.

**Pagsusuri sa Makabuluhang Tampok sa Maikling Kuwentong "Ang Sukatan ng Ligaya"** *Tauhan.* Sa simula ng kuwento, ipinakilala na agad si Aling Isyang, ang pangunahing tauhan ay isang mapagtimping Ina si Aling Isyang. Sa umpisa ng kuwento ipinakita ang katangian ni Aling Isyang na mapagtimpi at mapagtiis dahil pinilit niyang magkunwari at makibagay para sa ikakasiya ng iba ngunit sa huling bahagi ng kuwento sa pagkakatong tumakbo na ang kotse ay lumihis si Aling Isyang sa kanyang kinagawian. Si Medy ang anak ni Aling Isyang na sinuwerte sa buhay at namuhay nang marangya sa siyudad kapiling ang kanyang mga anak at asawa samantalang si Idad naman ay namuhay sa nayon ng simple at matiwasay. Si Eddie ay isa rin sa pantulong na tauhan. Siya ang mayamang asawa ni Medy. Nailahad sa kuwento na siya ay isang negosyanteng mula Maynila na may karangyaan ang pamumuhay.

*Tagpuan.* Malinaw na naisaad na ang tagpuan ng kuwento ay ang bahay nina Medy. Nailarawan din sa mga pahayag ang pisikal na kaayuan ng bahay ni Medy at asawa nito. Naging tagpuan din ng kuwento ang restawran na pinagdalhan at pinagkainan ni Eddie sa kanyang pamilya at Aling Isyang. Mahihinuhang ito ay isang mamahaling restawran, maluwag at may hardin.

*Tunggalian.* Ang tunggalian sa kuwento ay tao laban sa tao. Isang lihim na hinanakit ang naramdaman ni Medy sa kanyang ina na si Aling

Isyang dahil naramdaman niyang hindi pantay ang pagtatangi niya sa kanilang magkapatid. Kahit mabuti ang pakikitungo ni Medy sa kanya ay may lihim siyang hinanakit rito. Naramdaman niyang mas higit na mahal ni Aling Isyang si Idad ang ang pamilya nito.

*Himig.* Inilarawan ng may-akda ang himig ng kalungkutan. Si Aling Isyang ay nalulungkot dahil napalayo siya sa nayong kinagisnan at lalong sumidhi ang kanyang kalungkutan nang makita niya ang pagkakaiba ng pamumuhay niya sa piling ni Medy at sa karaniwang pamumuhay niya sa nayon.

*Simbolismo.* Ang salitang sapatilya ay nangangahulugan ng pagtitimpi. Sinasalamin nito ang pagtitimpi na ginawa ni Aling Isyang upang maipakita ang pagmamahal niya sa kanyang anak at pakikibagay niya sa kanyang manugang. Nirerepresenta naman ng kotse ang karangyaang mayroon ang mag-asawang Eddie at Medy.

*Punto de Vista.* Ginamit ng may-akda ang ikatlong panauhan sa pagsasalaysay ng kuwento. Sa ikatlong panauhan kung saan alam ng awtor ang lahat ang sitwasyon at ang kahihinatnan nito, pati ang tunay na pangyayaring hindi alam ng mga karakter. Alam din niya ang pag-iisip at damdamin ng lahat ng karakter at malawak ang kanyang pag-iisip.

*Estilo.* Ang estilong ginamit sa kuwentong ito ay tatlo: ang paglalarawan, pagsasalaysay at pagdadiyalogo.

**Pagsusuri sa Makabuluhang Tampok sa Maikling Kuwentong "Babae"** *Tauhan.* Hindi pinangalanan ang mga pangunahing tauhan sa kuwento ngunit batay sa usapan mahihinuhang ang dalawa ay magkumare. Sa unang bahagi ng kuwento ang dalawa ay mga larawan ng isang asawa na inuuna ang kapakanan ng pamilya kaysa sa mga luho. Larawan din ang dalawa ng isang babaeng tumutulong sa paghahanabuhay kahit sa simpleng paraan upang makatulong sa mga gastusin ng pamilya. Kalauna'y nang dumako ang usapan ng dalawa sa mga babaeng kanilang kakilala lumabas ang negatibong katangian – panlilibak at panunuya. Nailahad din na ang isa sa kanila ay isang kabit.

*Tagpuan.* Masasalamin na ang bahay ang tagpuan ng kuwento. Sa bahay rin nangyari ang mga dayaloso sa pagitan ng magkumare na kung saan naging paksa ng kanilang usapan ang pribadong buhay ng mga babaeng kanilang kakilala.

*Tunggalian.* Ang tunggalian sa kuwento ay tao laban sa tao. Isang iskandalo ang nangyari sa pagitan nina Markesa Maria Teresa at sa kanyang lalaki. Isa ring tunggalian ang nangyari sa pagitan ng

pangunahing tauhan at Cion. May lihim na hinanakit ang pangunahing tauhan sa kanyang kumare na si Cion. Mababanaag na siya ay nasusuya sa kanyang kumare.

*Himig.* Binigyang-pokus ng pahayag ang ginawang panlilibak ng pangunahing tauhan at kanyang kumare sa pribadong buhay ni Markesa Maria Teresa. Sa kabuuan ng akda, nakapokus sa himig na panlilibak ang mga pangunahing tauhan gayundin sa pangingialam sa pribadong buhay ng kanilang mga kakilala.

*Simbolismo.* Ang salitang damit ay sagisag ng antas sa lipunan ng isang tao. Kadalasang nirerepresenta ng damit ang kakayahang pinansyal at katayuan sa buhay ng isa tao. Ang salitang bahay naman ay sumisimbolo sa pagsisikap ng isang tao. Gaano man kalaki o kaliit ang isang bahay, naipatayo ito sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao.

*Punto de Vista.* Mula sa simula hanggang sa katapusan ng kuwento, namayani ang paggamit ng may-akda ng unang panauhan bilang punto de vista. Nangangahulugan lamang ito na isa sa mga tauhan ang nagsasalaysay ng mga bagay na kanyang nararanasan, naaalala, o naririnig sa kuwento.

*Estilo.* Ang estilong ginamit sa kuwentong ito ay dalawa: ang paglalarawan at pagdadiyalogo.

**Pagsusuri sa Makabuluhang Tampok sa Maikling Kuwentong "Banyaga"** *Tauhan.* Bungad pa lang ng kuwento, nailarawan na ang pangunahing tauhan sa kuwento na si Fely ay isang babae ng makabagong panahon. Nailarawan din na ang pangunahing tauhang si Fely ay isang mapagtimping uri ng tao. Ipinakita sa simulang bahagi ng kuwento ang malaking pagbabago kay Fely sa kanyang pananamit, pananalita at pagkilos. Si Nana Ibang naman ang siyang nag-aruga, nagpalaki at tumaguyod kay Fely. Nakita ng matanda ang malaking pagbabago sa pamamaraan ng pananamit at pagsasalita ni Fely na tila ba hindi na niya nakikilala ito. Mula sa umpisa hanggang sa katapusan ipinakita na siya ay isang butihin at mapagtimping tao.

*Tagpuan.* Malinaw na naisaad na ang isa sa tagpuan ng kuwento ay ang bahay nina Fely at Nana Ibang sa nayon. Naging tagpuan din ng kuwento ang dating paaralan sa hayskol ni Fely at Duardo.

*Tunggalian.* Isa sa naging tunggalian sa kuwento ay tao laban sa lipunan. Mapapansin sa kuwento na umiiral ang panlabas na tunggalian dahil lumilihis si Fely sa mga pamantayang itinatakda ng lipunan. Dagdag pa ang tao laban sa sarili. Isang internal ang pakikipaglaban ni Fely sa

kanyang sarili. Sa mga pagkakataong pinapatunayan niya sa lahat na hindi siya nagkamali ng lumuwas siya sa Maynila upang makipagsapalaran.

*Himig.* Masasalamin sa kuwento ang himig ng kalungkutang naramdaman ni Aling Ibang nang makita niya ang pagbabagong nangyari kay Fely sa paraan ng pananamit, pananalita at pagkilos nito. Masalamin din ang kalungkutang naramdaman ni Fely sa kabila ng tagumpay na naabot niya sa buhay ay hindi pa rin niya maramdaman ang kasiyahan sa tuwing bumabalik siya sa pook na pinanggalingan, sapagkat siya'y halos hindi na nito makilala dahil sa pagbabago. Habang ang kanyang pamilya ay nalulungkot din sa pagbabago niya.

*Simbolismo.* Ang salitang parangal na tatanggapin ni Fely ay nangangahulugang katagumpayan. Mahihinuhang naging matagumpay si Fely sa kanyang buhay dahil nakapagtapos at may maayos na trabaho. Ang salitang sapatos naman ay nangangahulugan ng pagkaangat ni Fely sa iba. Sa literal na pagpapakahulugan, inilahad sa kuwento na ang sapatos ay may mataas at payat na takong na kapag isinuot ni Fely ay tiyak na aangat siya sa iba. Ang simbolong salamin na may kulay naman ang nagsilbing pamamaraan ni Fely upang maitago ang kanyang tunay na nararamdaman. Naitago ni Fely ang kanyang kalungkutang nadama sa pamamagitan ng pagsuot ng salamin na may kulay.

*Punto de Vista.* Sa kuwento, gumamit ang may-akda ng ikatlong panauhan sa pagsasalaysay ng istorya. Gumamit din ang may-akda ng unang panauhan nangangahulugang sumasanib siya sa isa sa mga tauhan na siyang nagsasalaysay sa sa kuwento.

*Estilo.* Ang estilong ginamit ng may-akda sa paglalahad ng kuwento ay ang pagsasalaysay, paglalarawan at pagdadiyalogo.

**Pagsusuri sa mga Implikasyong Nangingibabaw sa mga Piling Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo sa Pagtuturo ng Panitikan.** Sa kuwentong Uhaw ang Tigang na Lupa, naging implikasyon na walang perpektong pamilya. Sa realidad, bawat pamilya ay dumaranas sa mga suliran at hamon ng buhay upang mas maging matatag at magkakabuklod ito. Sinusubok ang isang pamilya upang mataya ang hangganan ng pagmamahalan at pagtitiwala. Minsan dumarating na kinakailangan nating magdesisyon at kailangang panindigan ito. Maging tama o mali man ang desisyong nagawa, ang mahalaga'y kayang panindigan at natuto buhat sa kamalian.

Sa kuwentong At Patuloy ang Buhay, sinasalamin ng kuwentong ito na walang ibang permamenteng bagay sa mundo kundi pagbabago.

Sa buhay ng tao ay may maraming mga pagbabagong darating. Dapat bukas ang ating puso at isipan sa pag-unawa at pagtanggap sa mga pagbabagong ito.

Naging implikasyon naman ng kuwentong Ang Sukatan ng Ligaya na kailaman ang tao ay hindi nagiging tunay na masaya kung siya ay may maraming pera. Hindi nagiging batayan ang karangyaan at kasaganaan ng buhay upang ikaw makadama ng kaligayahan bagkus nasa sa sarili mismo ang makapagbibigay ng tunay na kaligayan. Kahit karaniwang lang ang pamumuhay basta't nakadama ka ng kapayapaan sa iyong sarili, hindi mo kailangang magkunwari para sa kapakanan ng iba o di kaya'y wala kang natatapakang tao tiyak na tunay na kaligayahan ang madarama.

Naging implikasyon naman sa maikling kuwentong Babae ang mga katangiang dapat taglayin ng isang babae. Mahalaga na huwag lumihis sa pamantayan ng pakikipagkapwa tao. Mahalagang isaisip ang gintong aral ni Confucius, "huwag gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo". Ayon din sa banal na kasulatan, anuman ang ating itinanim ay siya ring ating aanihin. Kung magbibinhi tayo ng kasamaan, poot, panlilibak at pighati sa ating kapwa ay siya tiyak siya ring ating aanihin. Mahalagang respetuin ng sinuman ang buhay ng kanyang kapwa gayundin hindi dapat pakialaman ang pribadong buhay ng tao.

Sa maikling kuwentong Banyaga naging implikasyon ang kasabihang "ang taong hindi lumingon sa pinanggalingan ay di makakarating sa paroroonan". Sa pagbabago ng panahon kaakibat nito ang pag-usbong ng iba't ibang modernong kagamitan, mga usong pananamit o di kaya'y mga bagong paraan ng pananalita. Sa kabila ng pagkamoderno nito, marapat huwag kalimutan ang ating tunay na sarili. Kung sino tayo at ano ang tunay na magpapaligaya sa atin.

## KONGKLUSYON

1. Makikita sa limang maikling kuwento ni Liwayway Arceo ang mga elementong pampanitikan na kung saan nangingibabaw ang panimula, saglit na kasiglahan, tunggalian, kasukdulan, kakalasan at resolusyon sa bawat kuwento. Ang mga bahaging ito ay napakamahalaga upang mas madaling maunawaan ang binasang teksto gayundin mas nabibigyang-kulay at napapatingkad ang kagandahang taglay nito.

2. Pumapaksa naman kadalasan ang mga maikling kuwento sa iba't ibang sitwasyon at realidad na nagaganap sa buhay ng isang pamilya. Mula sa isang perpektong pamilya na nagmamahalan, isang pamilyang sinusubok ng isang problema upang mas magiging matatag, isang pamilyang magkaiba ang katayuan sa buhay ng mga anak hanggang sa mga iba't ibang larawan ng isang ina na nagtataguyod at nag-aalaga ng kanyang pamilya.
3. Batay sa ginawang pagsusuri, ang mga sumusunod ang makabuluhang tampok sa piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo batay sa sangkap:
    - 3.1. Sa tauhan ay namayani ang paggamit ng mga babae bilang pangunahing tauhan ng kuwento. Ang pangunahing tauhan ay laging sinusuportahan ng mga pantulong na tauhan. Nangingibabaw ang kanilang tungkuling ginagampanan upang mas lumitaw ang katangian ng bawat tauhan at mas makilala ang iba't ibang tauhan sa kuwento.
    - 3.2. Sa tagpuan ay kalimitang nasa loob at labas ng bahay kagaya ng silid at aklatan o di kaya'y madalas pinupuntahan ng pangunahing tauhan. Dito mas mauunawaan ang sitwasyon ng kuwento. Makikita ang pagsisikap ng mga tauhan kahit anong aspekto ng buhay tulad ng pagpapahalaga sa pamilya at pagdadayaman sa oras ng pagsubok.
    - 3.3. Sa tunggalian ay namayani ay tao laban sa tao. Dito makikita na kadalasan nagkakaroon ng suliranin ng isang tao bunga ng mga magkaibang paniniwala at prinsipyo sa buhay ng isang indibidwal. Kakikitaan din ng tunggalian sa sarili na makikita ang kahalagahan ng pakikipagkapwa-tao.
    - 3.4. Sa himig ay nangunguna ang kalungkutan at lihim na hinanakit upang mas maipahayag ang damdaming namayani sa pagitan ng mga tauhan. Makikita ang mga himig na ito lalo na sa pagpapahalaga ng pamilya na sa kabila ng mga pagsubok na nakapagdulot ng kalungkutan ay nanatili naming matatag at nagkakabuklod-buklod ang pamilya.
    - 3.5. Sa simbolismo ay mayroong iba't ibang ginamit na bagay na nag-iiwan ng mas malalim na pagpapakahulugan sa tunay na katangian ng mga tauhan. Pinatitingkad ng mga bagay

na ito ang takbo ng istorya gayundin ang kagandahang nais ipakahulugan ng akda.

3.6. Sa punto de vista ay unang panauhan at ikatlong panauhang pananaw ang namayani sa kuwento na ginamit upang mas mailahad sa mga mambabasa ang mga pangyayari sa takbo ng kuwento.

3.7. Sa estilo ng paglalahad ay pagsasalaysay, paglalarawan at pagdadiyalogo na nakatulong sa mas mabisang pagpapaunawa ng kuwento. Mas nailalahad ang takbo ng mga pangyayari gamit ang mga panauhang ito.

## REKOMENDASYON

Binalangkas ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa nabuong konklusyon ng pag-aaral.

1. Ipaalam sa kinauukulan sa paaralan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito na maibahagi sa mga gurong nagtuturo ng maikling kuwento upang magamit ito sa pagsusuri ng mga maikling kuwentong Pilipino.
2. Higit na kilalanin ang mga may-akda ng maikling kuwentong tinatalakay upang mas maisip ang mga kaisipang nais ipahayag gayundin upang mas maisapuso ang mga aral at pagpapahalagang namayani ng akda.
3. Gawing hamon ng mga guro ang pagtuturo ng maikling kuwento nang sa ganoon ay magkaroon ng sapat na panahon sa integrasyon ng aralin upang mapalawak at mapanatili sa puso at isipan ang mga realidad na pangyayari sa buhay.
4. Gamitin bilang pampagtuturo ng mga guro sa sekondarya, partikular na sa *Junior High* ang nabuong mungkahing gabay upang mas mapalawak ang pagtuturo ng mga maikling kuwentong Pilipino at upang magkaroon sila ng kongkretong patnubay sa kanilang pagtutuo.
5. Ilakip ang mga nakompilang maikling kuwentong nagwagi ni Liwayway Arceo sa mga aralin sa maikling kuwentong Pilipino sa *Junior High School*, sapagkat ito ay nagtataglay ng mga elemento at makabuluhang sangkap na mahalagang matutunan ng mga mag-aaral para sa mabisang pagkakatuto tungkol sa maikling kuwento.

6. Dapat bumalik angkawilihan ng mga batang milenyal sa pagbabasa ng mga maikling kuwento na makakatulong sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at kasanayang pangkomunikatibo.
7. Mas mainam na mabigyan ng pagkakataon ang mga guro sa Filipino na makadalo ng mga lingkurang pagsasanay upang mas lumawak at mas mahasa pa ang kaalaman at kakayahan sa pagtuturo ng maikling kuwento gayundin sa panunuring pampanitikan.
8. Magsagawa ng mga karagdagang pag-aaral kaugnay ng pananaliksik na ito upang mas lalong mapagtibay ang kinalabasan ng pagsusuring isinagawa kabilang na ang mga elemento at mga sangkap nito.
9. Dapat manatiling buhay sa isipan ng mga mag-aaral ang mga aral at kagandahang taglay ng mga maikling kuwento gayundin ang mga pangyayaring sumasalamin sa realidad ng buhay na kanyang magagamit sa araw-araw na pakikipagbuno sa buhay.

## TALAAN NG MGA SANGGUNIAN

Alavi, F., Ghiasianm, M.S., Poor-Ebrahim, S. & Gilani, M. (2016). A linguistic study of point of view in the short story “rankness and decisiveness” based on simpson’s model. *Language Related Research*. Retrieved from: http://bit.ly/2TkjRvm

Arrogante, J. A. (1991). *Mapanuring pag-aaral ng panitikang Pilipino*. Valenzuela, Metro Manila: 24K Printing Co. Inc.

Baisa, A. G., Lontoc, N. S., & Del Rosario, M. G. (2006). *Pluma.* Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Baello, M. L., Cantilang, M. C., De Leon, I. F. & Ilas, V. T. (2012). *Komunikasyon sa akademikong Filipino.* Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.

Bandura, A. (1977). *Social learning theory.* New York: General Learning Press. Retrieved from: http://bit.ly/2vBcI1X

Bañez, M., Sarmiento, M. & Bañez, R. (2019). Cognitive models and literary competence of junior high school students. *Pupil: Iinternational*

*journal of teaching education and learning*. Retrieved from: http://bit.ly/3ahIO1E

Bruner, J. S. (1966). *Toward a theory of instruction*, Cambridge, Mass.: Belkapp Press. Retrieved from: http://bit.ly/39jSnwS

Chomsky, N. (1965). *Aspects of the theory of syntax*. MIT Press. Retrieved from: http://bit.ly/38jafGS

Cuizon, R.I. (2014). Meta analisis sa pagsusuri ng maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon. *Asia pacific journal of multidisciplinary research, 2, 25*. Retrieved from: http://bit.ly/2Tj0SRS

Dhillon, K.K., & Mogan, S. (2017). *Language-Based approaches to understanding literature: A creative activity module*. Retrieved from: https://bit.ly/2ZF5ovh

Golden, L. (1975). Plato's concept of mimesis. *British journal of aesthetics*, 15: 118–131. Retrieved from: https://stanford.io/32QRh9p

Lone, F. (2011). Impact of internet on reading habits of the net generation collegestudents. *International journal of digital library services*. Retrieved from: http://bit.ly/30QXSy6

Maiwald, P. (2011). E*xploring a corpus of George MacDonald's fiction.* Retrieved from: http://bit.ly/2XnZHCn

Mambrol, N. (2017). Literary criticism of Horace. *Literary theory and criticism.* Retrieved from: http://bit.ly/2VDlAik

Piaget, J. (1976). Piaget's theory. *In Piaget and his school* (pp. 11-23). Springer Berlin Heidelberg.Retrieved from: http://bit.ly/39iJF23

Reyes, S. R. (1997*). Pagbasa ngpanitikan at kulturang popular: piling sanaysay 1976-1996*. Quezon City: ADMU Press.

Rodriguez, G. (2017). Students' language skills development through short stories*. Íkala, Revista de lenguaje y cultura.* Retrieved from: http://bit.ly/2Tm3y1i

San Juan, G. P. (2005). *Panunuring pampanitikan*. Manila: Booklore Publishing Corp.

Sarkar, S. (2018). Impact of the short stories of R. N. Tagore on the language development of the children. *International journal of research and analytical reviews*. (Vol. 5, Issue 5). Retrieved from: http://bit.ly/2I5Rk7N

Stevenson, N. (2019). Developing cultural understanding through storytelling. *Journal of Teaching in Travel & Tourism*, *19*(1), 8-21.Retrieved from: http://bit.ly/2Vzjgc2

Thiyagarajan, K. (2014). *Integrating short stories in the ESL classroom for developing learners' communicative competence*. (Vol. 14:12). Retrieved from: http://bit.ly/2TacsjJ